



Mga Asawang Lalaki
Week 1

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Ano ang mangyayari kapag hinayaan ng lalaki na mamuno sa sambahayan ang asawang babae?
- Ano ang pagkakaiba ng makamundong pamumuno sa maka-Diyos na pamumuno bilang isang asawang lalaki?
- Anu-ano ang mga dapat gawin ng lalaki upang maging pinuno siya ng kanyang pamamahay?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Anong mga bahagi ng iyong buhay ang sa tingin mo ay naiimpluwensiyahan ng pagiging makasarili sa halip ng pagmamahal na walang kundisyon? Ano ang pinaplano mo upang harapin ang mga ito?
- Ano ang pinakamainam na paraan upang ipakita mo ang pagmamahal mo sa iyong asawa? Anong mga praktikal na hakbang ang maaari mong tahakin patungo sa paggawa nito?
- Magbigay ng tatlong hakbang na maipapakita mo ang paglilingkod na may sakripisyo sa iyong asawa ngayong linggo.

NOTES

PRAYER

- Manalangin na ang iyong pagmamahal na walang kundisyon para sa iyong asawa ay maging tunay at lumalim sa iyong puso.
- Magdasal na ang paglilingkod mo sa iyong asawa nang may sakripisyo ay maging likas at kaayaaya.
- Humiling sa Diyos na magkaroon kayo ng pagsasama na makabuluhan, di-malilimutan, at ganap.

CONNECT

- Kung ikaw ay isang asawang lalaki, ano sa tingin mo ang iyong mga kalakasan at kahinaan? Kung ikaw ay asawang babae, anong katangian ang pinakagusto mo sa iyong asawa? Para sa mga anak, ano ang pinakagusto n’yo sa inyong ama?
- Sino sa mga kilala mo ang tinuturing mong isang magaling na halimbawa sa pagiging asawa na lalaki? Bakit?
- Ano ang pagsasalاران ng midya o mga mamahayag sa isang lalaking asawa? Sang-ayon ka ba rito? Bakit o bakit hindi?



WORD

²¹Mga babae, magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Kristo. . . . ²⁵Mga lalaki, mahalín ninyo ang asawa n'yo, tulad ng pagmamahal ni Kristo sa kanyang iglesya. Inihandog pa nga niya ang kanyang sarili para sa iglesya . . .

Efeso 5:21,25

WHAT

What does the Bible say?

Salungat sa makamundong kahulugan, pinapakita ng Bibliya sa atin na ang pagiging asawang lalaki ay ang pagpapakita ng halimbawa ni Jesus tulad ng paglilingkod at pagpapakasakit. Binibigyang-diin din nito ang utos ng Diyos na mahalín ng mga lalaki ang kanilang mga asawa dahil ito'y binanggit ng anim na beses sa Efeso 5. Kung iisipin, ito'y isang mataas na panawagan at naisasagawa lamang sa tulong at kapangyarihan ng Diyos. Tingnan pa nating maigi kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol dito at kung ano pa ang dapat gawin ng mga asawang lalaki.

- **Mga asawang lalaki, nababagay lang na mahalín ninyo ang inyong asawa tulad ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili.**

Kaya dapat mahalín ng lalaki ang asawa niya tulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili. Sapagkat ang nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili.

Efeso 5:28

Paano ba minamahal ang sariling katawan? Ito'y nangangahulugan ng pagpapakain dito, paglayo nito sa kapahamakan, paniniguro sa kabutihan nito. Sinasabi ng Bibliya na dapat mahalín ng mga lalaki ang kanilang mga asawa tulad ng pangangalaga nila sa sariling katawan. Bakit madalas ay mahirap itong sundin? Ano ang makakatulong sa iyo upang sundin ito?

- **Mga asawang lalaki, mahalín ang inyong asawa sa pamumuno sa lahat ng bagay.**

Sapagkat ang lalaki ang siyang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Kristo na ulo ng iglesya na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito.

Efeso 5:23

Ang asawang lalaki ang dapat namumuno at halimbawa para sa asawang babae, tutulongan siyang sumunod sa kanya bilang ulo ng pamilya.

Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pag-aalay niya ng kanyang sarili sa pamumuno. Magbigay ng mga halimbawa kung papaanong makakapamuno ang lalaki ng may pagmamahal.

- **Mga asawang lalaki, mahalín ang inyong asawa sa pagtupad sa pansariling pananagutan para sa kanilang kapakanan.**

Kayo namang mga lalaki, pakisamahan ninyong mabuti ang asawa n'yo, dahil ito ang nararapat bilang isang Kristiyano. Igalang n'yo sila bilang mga babaing mas mahina kaysa sa inyo, dahil binigyan din sila ng Diyos ng buhay na walang hanggan katulad ninyo. Kapag ginawa n'yo ito, sasagutin ng Diyos ang mga panalangin n'yo.

1 Pedro 3:7

Pangalawa sa Diyos, dapat na unahin ng lalaki ang kanyang asawa—ang kanyang kapakanan, kaligayahan, at kalubusan. Tulad ng kung paano inaalagaan ng pastor ang kanyang mga tupa, dapat pangalagaan ng lalaki ang kanyang asawa habang siya ay nabubuhay. Bakit binigyang-diin ng Bibliya na unahin ng lalaki ang kanyang asawa pangalawa sa Diyos at hindi ang mga anak? Bakit maaari tayong maging panatag sa kaayusan ng Diyos sa mga bagay-bagay?

- **Mga asawang lalaki, mahalín ang inyong asawa sa pangunguna sa pakikipagkasundo.**

¹²Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagkumbaba, mabait at mapagtiis. ¹³Magpasensiyahan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa't isa, dahil pinatawad din kayo Panginoon.

Colosas 3:12,13

Dahil ang mga lalaki ay mga pinuno, sila rin ay mga tagapanguna sa pagpapatawad at pakikipagkasundo. Ang pangunguna ng lalaki sa pagbibigay ng sarili ay ang pinakamainam na paraan upang ipakita ang pagmamahal na walang kinikilingan. Kapag nanguna ng pagpapatawad at pakikipagkasundo ang lalaki, ano sa tingin mo ang magiging tugon ng asawang babae?